American Income Life Insurance Company

Executive Office: 1200 Wooded Acres Drive, Waco, Texas USA 76710
P.O. Box 2608, Waco, Texas USA 76702 • +1 (254) 761-6400 • Email: pos@ailife.com • www.ailife.com

**New Zealand Contact:** c/o AIL of New Zealand Limited
P.O. Box 15446 New Lynn, Auckland 0640 • (09) 827 9900 • Email: info@ailnz.co.nz • www.ailnz.co.nz



# Buod Ng Polisiya – Napapanibago At Napapalitang Panahon Ng Polisiya Sa Buhay (Renewable and Convertible Term Life Policy)

Sa Buod ng Polisiya na ito, ang mga salitang "kami", "amin/namin" at "kami" ay nangangahulugang ang *American Income Life Insurance Company*, ang tagaseguro sa ilalim ng Polisiya.

## Ang Polisiya ay nagbibigay ng seguro sa pagkamatay ng nakaseguro

Babayaran namin ang Kabuuang Halaga (Face Amount) kung ang Nakaseguro ay namatay habang umiiral ang Polisiya, sa petsa o bago dumating ang Petsa ng Pagkawala ng Saysay nito.

Ang "Kabuuang Halaga", ang pangalan ng "Nakaseguro" at ang "Petsa ng Paglampas sa Takdang Panahon" ay nakasaad sa Iskedyul ng Polisiya sa pahina 3 ng Polisiya.

Ibig sabihin ng "umiiral" (in force) ay hindi pa huminto ang pagsaklaw ng seguro.

## Ang Polisiya ay maaaring kanselahin sa loob ng 10 araw ng trabaho

Kung ang Polisiya ay kakanselahin sa loob ng 10 araw ng trabaho ng pagkatanggap nito mula sa amin, ang mga partido ay maaaring nasa dating sitwasyon na parang wala pang na-isyu na Polisiya. Sa ganitong kaso, ibabalik namin ang anumang mga premium (perang naihulog) na nabayaran na.

Maaaring kanselahin ang Polisiya sa pamamagitan ng pag-abiso:

- sa amin, sa aming mga detalye ng kontak sa itaas; o
- sa tagapayo ng *AIL sa NZ* na nagbenta ng Polisiya.

Kung ang Polisiya ay kinansela makalipas ang 10 araw ng trabaho ng pagkatanggap nito mula sa amin, hindi namin ibabalik ang mga premium na nabayaran na.

**Ang layon ng Buod ng Polisiya na ito ay upang ipaliwanag ang ilan sa mga pangunahing katangian ng Polisiya.**

Ang Buod ng Polisiya na ito ay isang maikling pangkalahatang pagtunghay lamang at hindi bahagi ng kontrata ng mga partido.

MANGYARING BASAHING MABUTI ANG POLISIYA.

Ang aktwal na Polisiya ay may kumpletong impormasyon at nagtatakda ng anumang mga limitasyon.

## Ang May-ari ng Polisiya ang nagmamay-ari ng polisiya at siya ay may ilang mga karapatan

Ang May-ari ng polisiya ang tao na nagmamay-ari ng Polisiya. Ang kanyang pangalan ay nakasaad sa aplikasyon, na ilalakip o idadagdag sa Polisiya. Ang May-ari ng polisiya ang maaaring nakaseguro, o maaaring ibang tao ito.

Ang May-ari ng polisiya ay may sumusunod na mga karapatan:

- karapatang magtalaga ng Polisiya;
- karapatang baguhin ang May-ari ng polisiya o benepisyaryo; at
- karapatang magkansela ng Polisiya.

Ang mga detalye ng mga karapatang ito (kabilang ang mga limitasyon) ay nakasaad sa Polisiya.

## Maaari naming tanggihang bayaran ang benepisyo kung may mga maling pahayag na ginawa sa aplikasyon

Hindi namin ipagtatalo na walang-saysay ang Polisiya batay sa anumang pahayag na nagawa ng o tungkol sa Nakaseguro, maliban kung ang pahayag na iyon ay ginawa sa aplikasyon.

Matapos umiral ang Polisiya nang dalawang taon, hindi namin ipagtatalo na walang-saysay ang Polisiya, maliban sa panlilinlang o di pagbabayad ng mga premium. Ngunit ang kondisyong ito ay hindi nalalapat sa anumang mga Dagdag sa Polisiya na Pagpapaubaya para sa Kapansanan at Di-sinasadyang Pagkamatay.

Ang Polisiya ay mawawalang-saysay lamang kapag natugunan ang lahat ng ligal na mga kahingian.

## Maaari naming bayaran ang mga halaga sa ilalim ng Polisiya sa iba't ibang paraan

May ilang mga opsyon para sa pagbabayad ng Kabuuang Halaga (Face Amount) kung ang Nakaseguro ay mamamatay. Ang mga opsyong ito ay tinatawag na "Mga Opsyon sa Pagbabayad" (Settlement Options). Kung wala ni isa sa mga Opsyon sa Pagbabayad ang pipiliin, babayaran namin ang Kabuuang Halaga bilang isang buong halaga (lump sum).

Ang mga detalye ng mga Opsyon sa Pagbabayad (kabilang ang mga limitasyon) ay nakasaad sa Polisiya.

## Ang karagdagang mga benepisyo ay maaaring idagdag sa Polisiya

Ang karagdagang mga benepisyo ay maaaring idagdag sa Polisiya. Sa ganitong kaso, bawat karagdagang benepisyo ay isasaad sa dokumentong "Dagdag sa Polisiya" (Policy Add-on).

Halimbawa, ang isang Dagdag sa Polisiya ay magbibigay ng sumusunod na karagdagang mga benepisyo:

- isang karagdagang benepisyo para sa di-sinasadyang pagkamatay;
- isang pinabilis na kabayaran ng bahagi ng Kabuuang Halaga kapag ang Nakaseguro ay nagkasakit at malapit nang mamatay; o
- karagdagang saklaw ng seguro sa buhay para sa mga anak ng Nakaseguro.

Ang Dagdag sa Polisiya ay maaaring:

- nakalakip sa Polisiya kapag ito ay ipinadala namin; o
- ipinadala namin pagkatapos, kung ang Dagdag sa Polisiya ay isinama kalaunan sa Polisiya.

Sa alinmang paraan, ang Dagdag sa Polisiya ay bahagi ng kontrata ng seguro.

## Ang Polisiya ay maaaring panibaguhin

Ang Polisiya ay maaaring panibaguhin sa petsa ng pagpapanibago na nakatakda sa Iskedyul ng Polisiya, hangga't ang lahat ng mga premium ay bayad na sa petsang iyon.

Hindi kami mangangailangan ng anumang impormasyon tungkol sa kalusugan ng Nakaseguro upang panibaguhin ang Polisiya.

## Ang Polisiya ay maaaring ilipat sa permanenteng plano ng polisiya sa buhay

May karapatan ang Nakaseguro na ilipat ang Polisiya sa isang permanenteng plano ng seguro sa buhay na na-isyu namin. Ang permanenteng plano ng seguro sa buhay ay magbibigay ng seguro sa buhay sa natiitirang buhay ng Nakaseguro, na walang Petsa ng Pagkawala ng Saysay.

Hindi kami mangangailangan ng anumang impormasyon tungkol sa kalusugan ng Nakaseguro upang mailipat ang Polisiya.

Ang mga detalye ng mga kondisyon na ilalapat sa opsyong paglipat (kabilang ang mga limitasyon) ay nakasaad sa Polisiya.

## Dapat bayaran ang regular na premium

Ang regular na mga premium ay dapat ibayad sa amin upang panatilihing umiiral ang Polisiya. Ang halaga ng premium ay nakasaad sa Iskedyul ng Polisiya.

Kung ang premium ay hindi nabayaran bago dumating ang takdang petsa, maglalaan kami ng 31 araw para mabayaran ang premium. Kung ang premium ay hindi nabayaran pagkatapos ng 31 araw, hindi na kami makapagbibigay ng saklaw ng seguro sa ilalim ng Polisiya.

## Karapatang pairaling muli ang Polisiya

May karapatang pairaling muli ang Polisiya makalipas ang petsa nang matigil ang lubos na pag-iral nito. Pinapahintulutan ng karapatang ito na maibalik ang Polisiya sa lubos na pag-iral sa loob ng 5 taon. Ang iba pang mga takda at kondisyon ay ilalapat din sa muling pagpapairal ng Polisiya.